Ingay na Nauukol sa Kapaligiran at Trabaho

Standard

2021-07-05

Mga Nilalaman

1 Panimula 3
2 Mga Kinakailangan 3
3 Personal na Pamprotektang Kagamitan 3
4 Kahusayan ng kalusugan at pagtugon 3
5 Pagtatasa sa panganib at pagpaplano 4
6 Pagmomonitor at pagsusuri 4
7 Pagbabago sa impormasyon 4

© Ericsson AB 2021
Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormsyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson. Napapailalim sa pagbabago nang walang paunawa ang impormasyon sa dokumentong ito.Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.

1 Panimula

Inilalarawan ng pamantayang ito ang mga minimum na kinakailangan para sa pagkontrol sa ingay sa negosyo ng Ericsson para matiyak na wastong napapamahalaan ang mga aspetong pangkalusugan at pangkaligtasan.

Kinakailangan ang mga pag-aksyon kapag ipinapahiwatig ng pagtatasa sa pagkalantad sa ingay o pagsusuri sa gayong pagtatasa na maaaring nalantad ang sinumang empleyado sa ingay na nasa o mas matass sa limitasyon sa rating ng ingay.

Malalapat ang lokal na kinakailangan ng batas kapag lampas sa pamantayang ito ang mga lokal na kinakailangan ng batas.

2 Mga Kinakailangan

Nalalapat ang mga sumusunod na pamantayan:

- mga limitasyon sa pagkalantad sa ingay tulad ng ipinakahulugan sa sinusunod na batas sa kalusugan at kaligtasan. Sa anumang pagkakataon, hindi dapat lumampas sa maximum na 80 dBA,
- gagamitin ang mga hakbang sa pagkontrol kapag ipinapahiwatig ng pagtatasa na maaaring nalantad sa ingay ang sinumang tao nang higit sa mga limitasyon na nasa itaas,
- gagamit ang mga empleyado ng ibinigay na Pamprotekta ng pandinig kapag kinakailangan,
- namintina ang kagamitan para sa pagkontrol sa ingay at pamprotekta ng pandinig ayon sa mga rekomendasyon ng nagmanupaktura, at
- may ibinigay na mga pagsasanay ukol sa mga panganib, paggamit at pagmimintina ng personal na pamprotektang kagamitan (”PPE”).

3 Personal na Pamprotektang Kagamitan

Dapat magbigay ng wastong pamprotekta sa pandinig na nakatutupad sa kilalang mga pandaigdigang pamantayan at ginamit tulad ng kinakailangan.

4 Kahusayan ng kalusugan at pagtugon

Dapat mabigyan ng mga pagsusuri sa pandinig sa lahat ng empleyado na nalantad sa ingay na mas mataas sa mga limitasyon sa talata 2.

5 Pagtatasa sa panganib at pagpaplano

Dapat isagawa ang pagtatasa sa panganib upang:

- matukoy ang mga panganib sa ingay, kasama ang, ngunit limitado sa antas at tagal ng pagkalantad, sa pamamagitan ng naaangakop na mga pagsukat sa ingay,
- masuri ang kalamangan na malantad ang mga empleyado sa mapanganib na ingay, at
- matukoy sa plano sa pamamahala sa ingay ang mga hakbang na kinakailangan para alisin o bawasan ang mga panganib, makontrol ang mga paglantad, at protektahan ang mga empleyado.

6 Pagmomonitor at pagsusuri

Ang pagtupad sa pamantayang ito ay imomonitor sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtatago sa nauugnay ng mga rekord ng:

- mga istadistika ng pagsukat sa ingay,
- plano sa pamamahala sa ingay
- mga istadistika ng pangyayar, at
- pagsasanay

7 Pagbabago sa impormasyon

Buod ng mga pagbabago simula noong huling nirebisa:

1 Paglilinaw sa Tagubilin

2 Paglilinaw sa Pagtatasa sa panganib at pagpaplano